

**Payong Pangkalusugan Para sa Mga Taong  
Nagpositibo / Paunang Positibo sa COVID-19  
at Hinihintay na Maipasok sa Ospital o Pasilidad ng Isolasyon**

Kung ang iyong nucleic acid test ay paunang positibo (preliminary positive) (tingnan ang *Mga Paunawa*), makakatanggap ka ng abiso sa SMS.

Mangyaring manatiling kalmado at matiyagang maghintay sa bahay. Aayusin ng Pamahalaan ang pagpasok sa iyo sa Ospital o Pasilidad ng Isolasyon.

Upang mabawasan ang peligrong mahawaan ng virus ang iba (mga miyembro ng sambahayan at ang publiko), mangyaring tandaan ang sumusunod na payo sa pagkontrol ng impeksyon habang naghihintay sa bahay.

*Mga Paunawa:*

Ang “paunang positibo” ay tumutukoy sa resulta ng nucleic acid test ng laway sa ilalim ng lalamunan (deep throat saliva) (DTS), pinagsamang swab ng lalamunan at ilong (combined throat and nasal swab) (CTNS), nasopharyngeal swab o sampol ng dumi, atbp.

Kung ikaw ay kumuha lamang ng rapid antigen test (RAT) at ito ay positibo, ikaw malamang ay nahawaan ng COVID-19. Gayunpaman, kinakailangan mong sumailalim sa isang COVID-19 nucleic acid test para makumpirma. Alang-alang sa pag-iingat, dapat mo ring isagawa ang mga sumusunod habang naghihintay sa bahay.

### **1.1 Lugar ng Tirahan**

- Ang taong nagpositibo / paunang positibo sa nucleic acid test ay kailangang manatili sa lugar na tinitirhan habang naghihintay ng pagpasok sa ospital o pasilidad ng isolasyon. Mas mainam na siya ay manatili sa kanyang silid. Panatilihing nakasara ang pinto at iwasan ang harapang pakikiugnay sa ibang mga miyembro ng sambahayan hangga’t maaari.
- Sinumang iba pang (mga) tao (hal. mga kaibigan, kamag-anak at mga taong hindi kasamang naninirahan) ay hindi dapat pumasok sa kanyang silid o lugar ng tirahan
- Panatilihing maaliwalas ang lugar sa pamamagitan ng pagpapanatiling nakabukas ang mga bintana hangga’t maaari. Pinakamabuting maglagay ng air purifier sa silid.

### **1.2 Personal na Kalinisan**

- Maayos na magsuot ng kasyang surgical mask kapag kailangang lumabas ng tao sa kanyang silid.
- Iwasang kumain kasama o pagbabahagi ng mga personal na gamit sa ibang miyembro ng sambahayan.
- Madalas na linisin ang mga kamay at isagawa ang wastong kaugalian sa pag-ubo.

### **1.3 Kalinisan sa Paligid at Palikuran**

- Araw-araw na linisin at disimpektahin ang kapaligiran sa bahay gamit ang 1 sa 49 na hinalong pambahay na bleach (paghalo ng 10ml na bleach na may 5.25% sodium hypochlorite sa 490 ml na tubig), hayaan ng 15-30 minuto at pagkatapos ay banlawan ng tubig. Para sa bakal, disimpektahin gamit ang 70% na alkohol.
- Kung ang mga lugar ay kontaminado ng mga dura, suka o dumi, gumamit ng disposable na telang malakas sumipsip para linisin ang nakikitang dumi. Pagkatapos ay disimpektahin ang kalatagan at ang malalapit na lugar gamit ang disinfectant. Para sa kalatagang hindi-bakal, disimpektahin gamit ang 1 sa 4 na hinalong pambahay na bleach (hinalong 10ml na pambahay na bleach na may 5.25% sodium hypochlorite sa 40ml ng tubig), hayaan ng 10 minuto, at pagkatapos ay banlawan ng tubig. Para sa bakal na kalatagan, disimpektahin gamit ang 70% ng alkohol.
- Gumamit ng nakalaang palikuran hangga't maaari. Kung hindi ito pwede, kinakailangang linisin at disimpektahin ang palikuran pagkatapos ng bawat paggamit. Linisin at disimpektahin ang inidoro gamit ang 1 sa 4 na hinalong pambahay na bleach pagkatapos dumumi. Linisin at disimpektahin ang lababo gamit ang 1 sa 4 na hinalong pambahay na bleach kung nadumihan ng dura o laway hal. pagkatapos mag mumog o magsipilyo.
- Takpan ang inidoro bago mag-flush.
- Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig pagkatapos dumumi.
- Buhusan ng humigit-kumulang isang litrong tubig ang bawat daluyan ng tubig sa sahi isang beses kada linggo.

### **1.4 Pagtapon ng Basura**

- Dapat ibalot ng maayos ang basura at ipasa sa miyembro ng sambahayan para itapon.
- Maglinis ng mga kamay pagkatapos.

### **1.5 Mag-ingat sa mga sintomas**

- Tingnan ang kondisyon ng kalusugan at sukatin ang temperatura ng katawan dalawang beses sa isang araw.
- Kung nagkaroon ka ng sumusunod na sintomas ng babala, tumawag sa 999 o direktang pumunta sa Pasilidad ng Accident and Emergency (A&E):
  - Kahirapan sa paghinga o pag-iksi ng paghinga
  - Pagkawala ng pagsasalita o kadaliang kumilos
  - Pananakit o presyon sa dibdib o tiyan
  - Pagkahilo o pagkalito
  - Pagkaulol

- Matinding pananakit ng laman
  - Hindi pag-ihi
  - Kahinaan o pasuray-suray
  - Pagbaba o hindi pagkilos ng fetus (para sa mga babaeng nagdadalang tao)
- Bilang karagdagan, may 7 Itinalagang Klinika para sa Mga Kumpirmadong Kaso ng COVID-19 ay binuksan mula ika-16 ng Pebrero, upang tumulong sa pagtukoy at paggamot sa mga taong inabishuhan ng kanilang postibong resulta, at nagpapakita ng medyo banayad na sintomas ng impeksyon (hal., lagnat, ubo, masakit na lalamunan) na nangangailangan ng payong medikal habang naghihintay sa pagpasok sa mga ospital o pasilidad ng isolasyon.

Pagpunta sa itinalagang klinika / A&E

- Magsuot ng kasyang surgical mask.
- Direktang pumunta sa ospital / klinika, habang umiiwas sa pagkuha ng matataong pampublikong sakayan hangga't maaari o sa pananatili sa publikong lugar habang nasa daan.

Para sa mga katanungang kaugnay sa medikal ng mga taong naghihintay maipasok sa pasilidad ng isolasyon sa kumpirmadong impeksyon, mangyaring tumawag sa “Hotline ng Awtoridad ng Ospital sa COVID-19 para sa suporta sa mga kumpirmadong kasong naghihintay maipasok sa pasilidad ng isolasyon” (1836 115).

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang:

<https://www.chp.gov.hk/en/r/1363>



**Sentro Para sa Proteksyon sa Kalusugan (Kagawarang Pangkalusugan) at  
Awtoridad ng Ospital** (ika-16 ng Pebrero 2022)

(Tagalog Version)